**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## II. ANG PINAGMULAN NG PRESSURES SA BUHAY NG TAO

Kung uunawain ang salitang pressure sa pangkaraniwang gamit nito, ito ay tumutukoy sa physical force na ibinibigay or laban sa isang bagay, na mula sa bagay na may contact dito. Ang salitang ito kung gagamitin natin sa tao ay nangangahulugan na ang paggamit ng panghihikayat, impluwensya o pananakot para gawin ng tao ang isang bagay.

Ang tao ay nilikha ng Diyos para sa Kanyang layunin – ito ay ang sambahin at paglingkuran ang Diyos. Matapos Niyang likhain sina Adan at Eba, maliwanag sa isipan nila ang kanilang layunin. Ito ay naging likas na kanilang isapamuhay. Ang pagsasakatuparan ng mga layuning ito ay nakapagdudulot sa kanila ng kaligayahan at katagumpayan sa buhay.

**TIME OUT**

Ano ang kahulugan ng salitang pressure para sa tao?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ano ang nakapagdudulot ng kaligayahan at katagumpayan kila Adan at Eba?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.




**Genesis 2:8-9, 15-17**

Gumawa ang Panginoong Diyos ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silangan, at doon dinala ang taong Kanyang nilalang. Pinatubo Niya roon ang lahat ng uri ng punongkahoy na magagandang pagmasdan at masasarap ang bunga. Sa gitna ng halamanan ay naroon ang punongkahoy na nagbibigay-buhay, at gayundin ang punongkahoy na nagbibigay-kaalaman tungkol sa mabuti at masama.

Inilagay ng Panginoong Diyos ang tao sa halamanan ng Eden upang ito'y pagyamanin at pangalagaan. Sinabi Niya sa tao, “Makakain mo ang alinmang bungangkahoy sa halamanan, maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, sapagkat sa araw na kainin mo iyon ay mamamatay ka.”

**Genesis 3:1-13**

Ang ahas ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ng Panginoong Diyos. Isang araw tinanong nito ang babae, “Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kayong kakain ng anumang bungangkahoy sa halamanan?”

Sumagot ang babae, “Maaari naming kainin ang anumang bunga sa halamanan, huwag lamang ang bunga ng puno na nasa gitna niyon. Sinabi ng Diyos na huwag naming kakainin ni hihipuin man ang bunga nito; kung kami raw ay kakain nito, mamamatay kami.”

Ngunit sinabi ng ahas, “Hindi totoo iyan, hindi kayo mamamatay! Sinabi lang iyan ng Diyos, sapagkat alam niyang kung kakain kayo ng bunga niyon ay makakaunawa kayo. Kayo'y magiging parang Diyos at malalaman ninyo ang mabuti at masama.”

Ang punongkahoy ay napakaganda sa paningin ng babae at sa palagay niya'y masarap ang bunga nito. Naisip din niya na kahanga-hanga ang maging marunong, kaya't pumitas siya ng bunga at kumain nito. Binigyan niya ang kanyang asawa, at kumain din ito. Nagkaroon nga sila ng pagkaunawa matapos kumain. Noon nila nalamang sila'y hubad, kaya kumuha sila ng mga dahon ng igos, pinagtahi-tahi nila ang mga ito at ginawang panakip sa katawan.

Nang dapit-hapon na, narinig nilang naglalakad sa halamanan ang Panginoong Diyos, kaya't nagtago sila sa mga puno. Ngunit tinawag niya ang lalaki at tinanong, “Saan ka naroon?”

“Natakot po ako nang marinig kong kayo'y nasa halamanan; nagtago po ako sapagkat ako'y hubad,” sagot ng lalaki.

Nagtanong muli ang Diyos, “Sinong maysabi sa iyong hubad ka? Bakit, kumain ka ba ng bungang ipinagbabawal ko?”

“Kasi, pinakain po ako ng babaeng ibinigay ninyo sa akin,” tugon ng lalaki.

“Bakit mo ginawa ang bagay na iyon?” tanong ng Panginoong Diyos sa babae.

“Mangyari po'y nilinlang ako ng ahas, kaya ako natuksong kumain,” sagot naman nito.

Iginawad ng Diyos ang kaparusahan sa ahas, kay Eba at Adan (**Genesis 3:14-19**)

Sa huling bahagi ng verse ito ang sinabi ng Diyos kay Adan:  “Dahil sa alabok, doon ka nanggaling, sa lupang alabok ay babalik ka rin.”

1. Ano ang binilin ng Diyos patungkol sa pagkain sa hardin?

_______________________________________________

2. Sino ang kumontra sa sinabi ng Diyos?

_______________________________________________

3. Sino ang pinaniwalaan ni Eba?

______________________________________________________________________________

4. Nagkatotoo ba ang sinabi ng Diyos? Paano mo nasabi ito?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Sa Hardin ng Eden kung nasaan ang tao ay may isang nilalang na kumontra sa salita ng Diyos – ang ahas. Sa pagkakataong iyon, kinailangan ng tao na magdesisyon, sino ang kanyang paniniwalaan? Hindi nagtiwala ang tao sa salita ng Diyos. Sa halip, ang kanilang pinaniwalaan ay ang kasinungalingan na sinabi ng ahas.

Nang kumain ang tao ng pinagbawal na prutas siya ay namatay ng oras ding iyon; dinanas niya ang kamatayang espirituwal. Humiwalay ang Espiritu ng Diyos sa espiritu ng tao. Nagkaroon ng hadlang sa pagitan nila, ang kasalanan.

Ang dating mapayapa at maayos na uganayan ng Diyos at tao ay nasira bunga ng pagsuway nila sa Diyos. Ang pangalawang kamatayang dinanas ng tao ay ang pisikal na kamatayan. Ito ay ang paghihiwalay ng kaluluwa ng tao sa kanyang katawang lupa.

Ang tinatawag na *pressures in life* ay bunga ng pagtalikod ng tao sa Diyos. Sa halip na sa Diyos hanapin ng tao ang kaligayahan at kahulugan ng buhay, kung saan-saan siya bumabaling. Balikan ang kahulugan ng *pressure*. Bilugan ang uri ng *pressure* na ginamit ng ahas kay Eba.

panghihikayat | impluwensya | pananakot

Balikan ang tatlong mandato na binigay ng Diyos at ang pagbabagong nangyari sa tao:

| | |
|---|---|
| Maging mabunga, magparami at punuin ang mundo → | Casual sex, sexual pleasure<br>Bisyo gaya ng sigarilyo, alak at droga |
| Bungkalin at pagyamanin ang lupa → | Pangungupit o pangungurakot, pagnanakaw, pagbebenta ng illegal drugs, pag-aahente sa jueteng |
| Pamahalaan ang mga ibon, isda at lahat ng hayop → | Pagnanasang manakop ng kapwa tao<br>Naging mailap at mabangis ang mga hayop |

Maliwanag ang naging epekto ng pagkahulog sa kasalanan ng tao.

**Pag-parisin**.
Gamit ang Column 1 (ang *Original Man* na nilikha ng Diyos), ipares ito sa Column 2 (ang *Fallen Man* - ang naging pagbabagong nangyari sa tao nang mahulog ito sa kasalanan) sa pamamagitan ng pag-guhit ng linya.

| **Original Man** | **Fallen Man** |
|---|---|
| Hangarin ang makadiyos na relasyon ● | ● Sambahin ang sarili |
| Hangarin ang mabungang buhay ● | ● Paglingkuran ang sarili |
| Maglaan ng pamumuno ● | ● Hangarin ang pakikipagtalik |
| Sambahin ang Diyos ● | ● Maghangad na siya ang sundin |
| Paglingkuran ang Diyos ● | ● Hangarin ang kayamanan |

Maliwanag ang naging pagnanasa ng tao matapos siyang mahulog sa kasalanan; ito ay hindi na ang pagsunod sa kalooban ng Diyos, kundi pagsunod na sa pita ng kanyang laman, paghangad ng bawat makita at magustuhan, at ang sumikat at hangaan. Ang dati-rating makadiyos na kalikasan ng tao ay napalitan ng makasariling kalikasan.

Kabataan, sino ang iyong pakikinggan at susundin?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Sa anong mga pagkakataon ka nagiging makasarili o selfish? Magbigay ng halimbawa.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. May pag-asa pa bang magbago ang tao at muling mabalik sa kalikasan na maka-Diyos? Kung meron, paano?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | ang pinagmulan ng pressures in life ng isang tulad ko ay: |

**Verse of the Day:**

Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos. **Roma 12:2**